
4

# Sining

## Ikatlong Markahan – Modyul 5:

### Mga Katutubong Disenyo: Paglilimbag sa Pamayanang Kultural




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_Arts 4_ Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 5: Mga Katutubong Disenyo: Paglilimbag sa Pamayanang Kultural**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Francis C. Agapito |
| **Editor:** | Francis Durante |
| **Tagasuri:** | Cynthia T. Montanez |
| **Tagaguhit:** | Emma S. Malapo |
| **Tagalapat:** | Francis C. Agapito, Jogene Alilly C. San Juan |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad<br>Francisco B. Bulalacao, Jr.<br>Grace U. Rabelas<br>Ma. Leilane R. Lorico<br>Jerson V. Toralde<br>Belen B. Pili<br>Randy Bona |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Sining

## Ikatlong Markahan – Modyul 5:

### Mga Katutubong Disenyo: Paglilimbag sa Pamayanang Kultural

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Maganda at makabuluhang araw sa iyo kaibigan!

Ang mga pamanang sining ng mga Pilipino ay lubhang malikhain. Napapaloob dito ang kanilang kagawain at kultura. Ito rin ay isang paraan ng pasasalamat sa Inang kalikasan. Ang mga disenyo ay nalilikha sa paggamit ng mga hugis at linya at lalong nabibigyan ng buhay ng mga kulay. Maaaring ipahayang ito sa pamamagitan ng paglilimbag.

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahan na makalilikha ng isang simple disenyong paglimbag sa pamamagitan ng pagdaragdag at pagbabawas na pamamaraan.

Matapos mong pag-aralan at gawin ng iba't ibang pagsasanay sa modyul na ito ay inaaasahan na matatamo mo ang kasanayang ito:

1. Nakabubuo ng isang disenyong paglilimbag (*relief master*) sa pamamagitan ng pagdaragdag at pagbabawas na pamamaraan (*additive and subtractive process*)



## *Subukin*



**KAYA MO BA?**

Lumikha ng isang simpleng disenyo gamit ang kalatati ng sibuyas.

Kagamitan: Kalahati ng sibuyas, *watercolor*, tubig at *bond paper*

**Mga Hakbang sa Paggawa:**

1. Hiwain ang sibuyas nang pahalang.
2. Pumili ng kulay sa *water color* na iyong gustong gamitin. Lagyan ng tubig ang napiling kulay.
3. Gamit ang *brush*, pahiran ng napiling kulay ang kalahati ng sibuyas na hiniwaan.
4. Pagkatapos pahiran ng kulay ang sibuyas, ilimbag ito sa iyong *bond paper*. Gawin ito ng paulit-ulit at pasalit-salit ang kulay.
5. Patuyuin ang natapos na likha.

Mga Tanong:


1. Ano ang nabuong disenyo nang iyong nalimbag?
2. Ano ang napapasin mo sa disenyo?
3. May hugis at linya ba na nalikha?


Magawa mo ba nang maayos at malinis? Di ba madali lang gawin? Nagandahan ka ba sa iyong disenyo? Nasiyahan ka ba sa ating gawain?


## Balikan


Pagmasdan ang mga disenyong etniko na iyong napag-aralan sa nakaraang aralin. Kung saan natutuhan mo kung paano ginagamit ang mga disenyo.

**Panuto:** Tukuyin ang larawan ayon pagkakaayos o gamit ng hugis ng disenyo. Kunin ang iyong sagot sa loob ng puso. Isulat ang titik ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

A. Pasalit-salit

B. Paulit-ulit

C. Radyal

***Source:*** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro, pahina 274

## *Tuklasin*

Pagmasdang maigi ang mga larawan. Sagutan ang mga sumusunod na tanong.








1. Anong hugis at kulay ang nakikita sa mga larawan?
2. Ano ang napansin mo sa mga hugis at kulay?
3. Ito ba ay inuulit lamang?

***Source:*** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.277

Magaling! Batid mo na ang ilan sa nilalaman ng araling ito. Sa pagpapatuloy ng modyul na ito, mas lalo mo pang malilinang ang iyong kaalaman.

## *Suriin*

Likas sa mga Pilipino ang pagiging malikhain. Naipamamalas ito sa mga disenyo ng kanilang mga kagamitan, sa mga hugis at maging sa mga kulay nito. Ang ating kaisipan at damdamin ay maaaring ipahayag sa pamamagitan ng paglilimbag. Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba.



Ang *relief printing* ay isang kakaibang pamamaraan ng paglilimbag. Ito ay may dalawang sukat lamang, kaya't hindi maaaring itayong mag-isa, di tulad ng minoldeng hayop at tao. Ang *relief* ay makapal tulad ng lamesa at ayon sa disenyo, may mga bahagi itong nakaalsa o matambok.

***Source:*** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.277
Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 220

## *Pagyamanin*

**Gawain 1:**

Gamit ang *bond paper*, lumikha ng isang simpleng *greeting card* gamit ang *relief master* na may iba't-ibang disenyo. Gamitan ito ng iba't-ibang paraan ng pagkakaayos ng disenyo.

Kung nasiyahan ka naman sa iyong ginawa lagyan ng masayang mukha (☺) sa kanang ibaba ng *bond paper*. Kung hindi ka nasiyahan sa iyong ginawa, lagyan mo ng malungkot na mukha (☹).

## *Isaisip*

Lubos na naunawaan mo na nga ang nilalaman ng modyul na ito. Magaling!

Sagutan ang sumusunod na tanong.

1. Anong elemento ng sining ang iyong nakita sa dibuho?
2. Paano mo maisasagawa ang kontrast sa mga hugis at kulay sa iyong disenyo?
3. Nakadagdag ba ito sa ganda ng gawaing sining? Paano?
4. Paano mo nabibigyang pansin ang kahalagahan ang *relief prints* sa pagpapaganda ng likhang sining?

**TANDAAN**

Sa pamamagitan ng pag-uulit-ulit at pagsasalit-salit ng mga hugis at kulay, naipakikita natin ang kontrast at nakabubuo tayo ng disenyo na nagpapakita ng ating pagiging malikhain.

***Source:*** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.278

## *Isagawa*

**Pagbuo ng Makasining na Dibuho**
**Gamit ang *Relief Master* o *Mold***

Kagamitan: iba't ibang gamit na karton o lumang *folder*, *acrylic paint*, gunting, *glue* o *paste*, lapis, kutsara, *bond paper* o *oslo paper*, at lumang dyaryo

**Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Takpan ng lumang dyaryo ang ibabaw ng mesa o lugar na gawaan upang hindi ito marumihan.
2. Kunin ang dalang karton. Maaaring gamitin ang *cardboard* na nasa likod ng iyong *pad paper* o kaya ay takip ng kahon ng sapatos o iba pang uri ng kahon na hindi na gagamitin.
3. Gamit ang lapis, gumuhit ng isang disenyong pangkat-etniko na ginamitan ng kontrast sa karton.
4. Gupitin ang bahaging disenyong ito. Gamit ang nagupit na disenyo, ayusin at iguhit ito ng paulit-ulit sa ibabaw ng isa pang karton.

5. Idikit ang iba't ibang piraso na magsisilbing bloke.
6. Gamitin ang *acrylic paint* upang malagyan ng kulay ang harap ng dibuhong iyong ginawa. Maaari ring gumamit ng mga kulay na nagpapakita ng *contrast*. Ilapag o ibaba ang bloke sa mesa. Siguraduhin na ang may kulay na bahagi ng bloke ay nasa mesa.
7. Ilagay ang *bond paper* o *oslo paper* sa ibabaw ng may kulay na bahagi ng bloke.
8. Gamit ang kutsara, ilapat nang may tamang diin ang papel sa bloke hanggang sa mailipat nang pantay ang disenyo.
9. Dahan-dahang tanggalin ang papel. Suriin ang nailipat na disenyo.
10. Maari mong ulit-ulitin ang proseso gamit ang iba't ibang kulay hanggang sa magustuhan mo ang kabuuang disenyo na iyong nagawa.
11. Lagyan ng pamagat ang iyong ginawang dibuho.
12. Ipaskil ito sa paskilan.

***Source:*** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 221

Binabati kita! Natapos mo ang gawain. Nagustuhan mo ba ang iyong ginawang sining?

## *Tayahin*

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang hanay ayon sa antas ng iyong naisagawa.

| Pamantayan | Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nabuo ko ang disenyo sa pamamagitan ng paglilimbag. | | | |
| 2. Nakasunod ako sa pamamaraang itinakda. | | | |
| 3. Naipakita ko ang pagiging malikhain sa paggamit ng *contrast* ng mga hugis at kulay. | | | |
| 4. Nakatapos ako ng gawaing-sining sa takdang oras. | | | |
| 5. Nakasunod ako sa pamantayang pangkaligtasan sa paggawa ng likhang-sining. | | | |

***Source:*** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 222-223

## *Karagdagang Gawain*

Gamit ang iba't ibang kagamitan, gumawa ng isang *pencil holder* gamit ang *relief master* o *mold* na may disenyong puso at bulaklak. Gamitin ang paraan na paulit-ulit at pasalit-salit. Kunan ng larawan ang nagawang *pencil holder*. Ipadala ang larawan sa iyong guro.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. A
2. B
3. C
4. B
5. C

## *Sanggunian*

Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral; Cynthia Montaňez, Ma. Teresa Caringal; Adulfo Amit; Benjamin Castro; Emily Maninang; Joan D. Sandoval; Chita E. Mendoza, at Victorina E. Mariano

Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro; Cynthia Montaňez, Ma. Teresa Caringal; Adulfo Amit; Benjamin Castro; Emily Maninang; Joan D. Sandoval; Chita E. Mendoza, at Victorina E. Mariano

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph